American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-08, Issue-03, pp-130-140
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO SA ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA JUNIOR HIGH SCHOOL

Lea S. Delos Santos[1], Aprille Dawn Nicole E. Garingalao[2], Joan P. Mariano[3], Haifa M. Najam[4], Corazon C. Ladao[5].
[1]*(Undergraduate Student, College of Teacher Education, Western Mindanao State University)*
[2,3,4,5] *(Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), College of Teacher Education, Western Mindanao State University)*

**ABSTRACT :** Among the five macro skills a student should posses is reading. It is one of the primary learning skills that aids in the development of students' language proficiency, which also helps them write, speak, listen and even analyze texts more effectively. Therefore, the purpose of this study is to discover the factors that affect the level of reading comprehension of Junior High School Students. It used a mixed-method research design and purposive sampling method. Descriptive and Phenomenological Research Design was also used to answer the objectives of the study. The participants were thirty-five (35) language teachers from various schools in Zamboanga City. The results of the study showed that the three major factors that contribute to students' level of reading comprehension include inadequate study habits, insufficient comprehension, and a weak vocabulary. In addition, Catch-up Fridays have also been found to help address reading problems. Moreover, the researchers gave a conclusion and recommendation to further development of the study.
***Keywords –*** *Factor, Language Skills, Level of comprehension, Reading, Teacher.*

**ABSTRAK :** Ang pagbasa ay isa sa limang makarong kasanayan na nararapat na taglayin ng isang mag-aaral. Ang kasanayan na ito ay isa sa pangunahing kasanayan sa pagkatuto na nakatutulong upang mapaunlad ang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral at isang mahalagang paraan upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsusulat, pagsasalita, pakikinig, at maging sa pagsusuri ng mga teksto. Kung kaya, layunin ng pag-aaral na ito na matuklasan ang mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa sa Junior High School. Ito ay ginamitan ng mixed-method na disenyo ng pananaliksik at purposive sampling method. Ginamitan din ito ng Descriptive at Phenomenological Research Design upang mabigyan ng kasagutan ang mga layunin ng pag-aaral. Ang mga kalahok ay binubuo ng tatlumpu't limang (35) guro sa wika mula sa iba't ibang paaralan sa lungsod ng Zamboanga. Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang kakulangan ng pag-aaral, mababang antas ng pag-unawa, at limitado ang bokabularyo ang tatlo sa pangunahing salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Natuklasan din na ang Catch-Up Fridays ay makatutulong upang matugunan ang mga suliranin sa pagbasa. Kaya ang mga mananaliksik ay nagbigay ng kongklusyon at rekomendasyon upang mas mapaunlad pa ang nasabing pag-aaral.
***Mga susing salita –*** *Antas ng pag-unawa, Guro, Kasanayan sa Wika, Pagbasa, Salik.*

## I.PANIMULA

Ang pagbasa ay nagtataglay ng maraming kahulugan batay sa sitwasyon. Iba-iba ang pagpapakahulugan nito batay sa mga manunulat at dalubhasa bagama't iisa ang kaisipang nakapaloob dito. Ang pagbasa ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay ng mga mag-aaral upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto. Ito ay may malaking kaugnayan sa iba pang makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, at panonood ng isang tao dahil nagkakaroon ng kakayahang makabuo ng mga kaisipan, makapagpahyag ng damdamin at maayos na makipagkomunikasyon sa lahat ng disiplina o larangan. Ang mga kaisipang nakukuha at nabubuo sa pamamagitan ng pagbasa, pakikinig, pagsasalita at panonood ay maaaring isulat upang maibahagi sa iba.

Ang pagbasa ay isa ring kognitibong proseso ng pag-unawa sa mensaheng nakalimbag o ng anumang wikang nakasulat. May kaugnayan ito sa pagsulat, sapagkat anumang binabasa natin ay maaaring isulat at ang anumang naisusulat ng kamay ay nababasa ng mata na kakambal ng pagpapakahulugan gayundin sa pagkatuto sapagkat ang kakayahan sa pagbasa ay daan tungo sa kaalaman.

Sa kabilang dako naman, ang mga guro sa Mataas na Paaralan ng Recodo na nagtuturo sa asignaturang Filipino at Ingles ay nagsagawa ng Pagbasa hinggil sa Philippine Informal Reading Intervention (Phil-IRI) sa Taong Panuruan 2021-2022. Ang bawat klase sa asignaturang Filipino ay nagsagawa ng Group Screening Test (GST) na may 20 aytem. Matapos isagawa ang GST, ang sunod na isinagawa ay ang Panimulang Pagsusulit (Pre-Test). Matapos matukoy ng guro kung sino sa mga mag-aaral ang nakakuha ng markang mababa sa 14 na iskor (0-7 na iskor ay bibigyan ng passage 4; 8-13 na iskor ay bibigyan ng passage 5), ang lahat ng mag-aaral ay isinailalim sa Indibidwal na Panimulang pagsusulit na kung saan ang ginamit na teksto ay naayon sa kanilang nakuhang marka. Matapos isinagawa ang Panimulang Pagsusulit ang sunod na isinagawa ay ang Panapos na Pagsusulit (Post-Test). Kalakip nito ang resulta ng bahagdan o porsiyento ng kahirapan sa pagbasa matapos isinagawa ang Panimulang Pagsusulit at Panapos na Pagsusulit.

Ang gawain ng guro sa proseso ng pagpapayabong ng kaalaman ay hindi mapapasubalian, kaya't upang makamtan ang pinakamataas na pagpapabuti nito ay nangangailangang siya ay maging edukado at maging bahagi ng komunidad ng pag-aaral.

Samantala, ang mga mag-aaral na hirap maunawaan ang mga mensahe, ideya at salita ng tekstong kanilang binabasa ay isa sa mga hamong kinahaharap ngayon ng ating mga mag-aaral upang maging mas malinaw at mabilis ang kanilang pagkatuto. Ang tagumpay at kagalingan sa pagbabasa at pag-intindi sa mga binabasa ay isang napahalagang aspeto ng kaunlaran at pagkatuto ng isang mag-aaral.

Kaugnay nito, opisyal na sinimulan ng Departamento ng Edukasyon noong Agosto 15, 2022 ang Nationwide Brigada Eskwela 2022 para isulong ang pagtutulungan at katatagan sa basic education.

Sa pagpupulong ng United States Agency for International Development (USAID) sa early grade learning, sinabi ni DepEd Usec. Tomisito Umali na ang Brigada Pagbasa ay magiging after-school remediation program; isang pagtuturo sa labas ng pinagkauglian na kurikulum; isang programa sa pagbasa na siyang tutulong sa mga mag-aaral na makayanan ang araw-araw na talakayan. Ang proyekto ay unang inilunsad noong 2019 sa pakikipagtulungan sa World Vision at iba't ibang pribadong kasosyo upang matugunan ang kawalan ng pagbasa sa mga bata.

Ang adbokasiya na ito ay magsisilbing daan para sa lahat ng stakeholder na mga ambag ng posibleng solusyon upang mapabuti ang sistema ng edukasyon ng bansa, lalo na sa pagbibigay sa mga mag-aaral ng mga kasanayan sa ika-21 siglo. Sa matagumpay na pagpapatupad sa buong bansa noong nakaraan pasukan, ang Brigada Pagbasa ay magpapatuloy na may layuning hikayatin ang higit pang mga kasosyo sa edukasyon at eksperto upang paigtingin ang programang ito sa pagbasa.

Kaugnay nito, makatutulong ang isinagawang pag-aaral ng mga mananaliksik na matugunan ang mga layunin na may kaugnayan sa kasalukuyang sitwasyon. Sa tulong ng pag-aaral na ito, maipakikita ng mga mananaliksik ang mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-ugnawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School.

## II.PAGLALAHAD NG LAYUNIN

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong malaman ang mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-ugnawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School.

Ang pag-aaral din na ito ay naglalayong sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang iba't ibang salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa?
2. Ano ang mga interbensyon na programa upang mapabuti ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa?

## III.KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

### 1. Kasanayan sa Pagbasa

Ang pagbasa ay isang dinamikong proseso na kinabibilangan ng mambabasa at may-akda na nakikipag-ugnayan sa isa't isa upang magkaroon ng kahulugan ang binabasa (Akyol, 2013). Ayon kay Gunes (2013), ito ay isang proseso kung saan ang dating kaalaman at impormasyon mula sa teksto ay pinagsama-sama at muling binibigyang kahulugan, ay binubuo ng iba't ibang proseso na kinasasangkutan ng ating mga mata, tainga, at utak, kabilang ang pagdama, pagbigkas, pagbibigay-kahulugan, at pagbubuo sa isip.

Nabanggit naman ni Wallace (1996: 4) na ang pagbasa ay katulad ng pagbibigay-kahulugan; nangangahulugan ito ng pagtugon sa isang nakasulat na teksto bilang isang piraso ng komunikasyon. Bukod pa riyan, tinukoy naman ni Grellet (1998: 7) na ang pagbabasa ay isang tuloy-tuloy na proseso ng panghuhula, at kung ano ang dinadala ng isang tao sa teksto ay mas mahalaga kaysa sa kung ano ang mahahanap nito.

Ang mga kasanayang pangwika ay mahalaga sa pag-iisip ng mga tao, pag-unawa sa mga tao sa kanilang paligid, at pagpapahayag ng kanilang sarili. Ang mga kasanayan sa pagbasa, bukod sa iba pang mga kasanayang pangwika, ay gumaganap ng isang mahalagang gampanin sa pagbagay ng isang tao sa pang-araw-araw na buhay (Isik, 2023).

Kaugnay nito, natuklasan sa pag-aaral nina Mulatu at Regassa (2022), ang mga guro ay hindi nagtuturo at sumusunod sa mga iminungkahing techniques at pamamaraan sa pagtuturo. Ang pagpapaalam sa mga mag-aaral na mahuhusay na mambabasa na magbasa bilang isang modelo, agarang pagwawasto ng mali sa artikulasyon ng mga salita, at pagsasalin ng mga talata sa pagbasa sa katutubong wika ng mga mag-aaral ay ginamit bilang mga pamamaraan upang matulungan ang mga mag-aaral na may mababang kasanayan sa pagbasa. Ang isa pang mahalagang punto na hinuha mula sa mga resulta ng pag-aaral ay ang kawalan ng mga pandagdag na materyales sa pagbabasa tulad ng mga magasin, pahayagan, at nobela. Bukod dito, ang pagtuturo ng bokabularyo na isa sa mga pangunahing kasanayan sa pagtuturo ng mga kasanayan sa pagbasa ay hindi nabigyan ng sapat na diin o pansin.

Batay naman sa mga natuklasan ng pag-aaral ni Saavedra (2020), isa sa mga salik na nakaimpluwensya sa mahinang pagganap ng mga mag-aaral sa pagbasa sa Ingles ay ang kanilang negatibong persepsyon at pananaw tungkol sa kanilang unang wika o L1 Chavacano. Ang tungkulin ng kanilang mga guro sa Ingles ay maaaring isa sa mga dahilan ng hindi pagpapasigla ng kanilang L1 sa silid-aralan ng Ingles. Bilang karagdagan, dahil sa negatibong pananaw at kakulangan ng mga guro mga materyales sa pagtuturo, ang mga mag-aaral ay maaaring hindi angkop na magsanay ng wika at samakatuwid ay hindi sila nakakakuha ng sapat na pagkakalantad sa pagkuha ng wika (Natividad, 2014: Saavedra, 2020).

## 2. Antas ng Pag-unawa

Ang klasikong "How to Read a Book" nina Adler at Van Doren (1940) ay nagbigay-diin sa apat na pangunahing antas ng pagbabasa: elementarya, inspeksyonal na pagbasa, analytikal na pagbasa, at sintopikal na pagbasa.

Ang antas na primarya (elementarya) ay panimulang pagbasa sapagkat pinapaunlad dito ang rudimentaryong kakayahan. Ibig sabihin, dinedebelop ito mula sa kamangmangan. Elementaryang pagbasa rin ito dahil sinisimulang ipinatuturo sa paaralang elementarya. Sa primarya, wika ang pokus. Ang pagkilala sa aktwal ng mga salita at ang pagpapamalay sa kahuluhan ng unang konseptrasyon ng primarying pagbasa.

Ang inspeksyunal o mapagsiyasat na antas, panahon ang pinakamahalaga. Itinatakda sa limitadong oras ang pagbasa. Dahil sa limitadong pagbasa, hindi lahat ng nasa aklat ay babasahin kundi ang superfisyal o espisipiko na kaalaman lamang. Ang kailangan sagutan habang nagbabasa ay: Tungkol saan ang libro? Anu-ano ang mga bahagi nito? Anong uri ito ng Nobela ba? Babasahin- kasaysayan ba? Diskurso ba? Tinatawag din itong pre-reading o sistematikong iskiming.

Ang antas na mapanuri o analitikal ay aktibo. Dapat intindihing mabuti ang ipinapakahulugan sa pamamagitan ng malinaw na pag-iinter. Interpratibo ito, samakatuwid, sapagkat matalinong hinihinuha ang mga pahiwatig at tagong kahulugang matatagpuan wika nga, sa pagitan ng teksto o linya. Mahalaga rito ang malalim na nakapaloob na kaisipan.

Pinakamataas na antas ang sintopikal na pagbasa. Pag-uunawang integratibo ang kailangan sa antas na ito. Komplikado at sistematikong pagbasa ito. Humahamon sa kakayahan ng bumabasa. Komparatibo rin ito. Ibig sabihin, dapat marami nang nabasang libro ang bumabasa para makapag-iba-iba, makapagsuri, makapamuna at makapagpahalaga, kaya naman kahit maraming Gawain ang pagbasa rito, marami namang nakukuhang benepisyo.

Ang pangunahing layunin ng pagtuturo sa pagbasa ay ang pagyamanin sa bawat mag-aaral ang kakayahang maunawaan ang nakalimbag na wika. Sa pandaigdigang kahulugan, mga indibidwal na katangian ng mga mag-aaral ay nakakaapekto sa kalidad at dami ng naturang pag-unawa. Samakatuwid, mahalagang malaman ng mga guro ang mga kalakasan at kahinaan ng kanilang mga mag-aaral sa pagbabasa upang makapaghatid ng mahusay na tagapagturo.

Ayon nga kay Norton (1989:350) na "Ang diagnosis ay isang mahalagang aspeto ng pag-unawa sa pagbasa, ang pinaka-epektibo na dapat isinasaalang-alang ng pagtuturo ang parehong kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa." Gayunpaman, kinakailangang malaman ng mga guro ang kakayahang taglay nila na nakakaimpluwensiya sa mga antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral, kaya dapat nilang tulungan ang kanilang mga mag-aaral na makamit ang mas mataas na antas ng mga kasanayan sa pag-unawa.

## 3. Pag-unawa sa Pagbasa

Ang pagtitiyak ng kahulugan ng pagbasa ay mahalaga upang makabuo ng paraan ng ebalwasyon sa pagkatuto nito. Ang pagbasa ay isang kompleks na kognitibong proseso ng pagtuklas sa kahulugan ng bawat simbolo upang makakakuha at makabuo ng kahulugan. Ayon kay Anderson (1985), sa aklat na Becoming a Nation of Readers, ang pagbasa ay isang proseso ng pagbuo ng kahulugan mula sa mga nakasulat na teksto. Ang pagbasa ay tinatanaw na ngayon bilang isang aktibong proseso sa pagbuo ng kahulugan (Anderson at Pearson, 1984: Spiro, 1980). Ang pag-unawa ay ang pagbuo ng kahulugan habang nagaganap ang interaksiyon sa teksto. Ito ay isang masalimuot na prosesong pangkaisipan. Kapag tayo ay nagbabasa ang mga estratehiya natin sa pag-unawa ay dagliang nagbubunsod sa atin upang maiugnay ang ating kaalaman at mga karanasan sa mga impormasiyon sa teksto upang makabuo tayo ng isang pagpapakahulugan. Ang pag-unawa sa teksto ay nakaaapekto. Sinasabing kung walang pag-unawa ay walang pagbasang nagaganap. Ayon kay Goodman (1969) ang pagbasa ay nagiging makahulugan kung may interaksyon ang mambabasa at ang teksto.

May apat na antas ng Taksonomiya ng pag-unawa sa pagbasa ayon kay Barette 1968. Ito ay ang pag-unawang literal, paghihinuha, ebalwasiyon, at pagpapahalaga. Ayon naman kay Smith (1969), may apat na antas ng kategorya sa pag- unawa sa pagbasa, ito ay ang pag-unawang literal, interpretasiyon, kritikal o mapanuring pagbasa at malikhaing pagbasa. Layunin ng pagtuturo ng pagbasa ang malinang sa mag-aaral ang pagbasang may pang-unawa o komprehensyon. Ngunit batay sa mga pananaliksik, ang pagtuturo ng komprehensyon ay hindi gaanongnapagtutuunan ng pansin.

Ang pagbasang may komprehensyon ay pagbuo ng mga tulay na mag-uugnay sa dating kaalaman tungo sa bagong kaalaman. (Pearson at Johnson 1978). Sa maikling salita, ugnayan ng teksto at ng kaalaman ng mambabasa. Mapapansing ang dating kaalaman ng mambabasa at ang mga kasanayan sa paghinuha ang nasa sentro ng modelo, pagpapatibay ng paniniwalang ang komprehensyon ay pag-uugnay ng impormasyon mula sa teksto at impormasyon na nasa isipan ng mambabasa. Ang pag-unawa sa pagbabasa ay mahalaga para sa sinumang tao at pag-unlad na nagbibigay-malay. Pagdating sa pag-unawa sa pagbasa, hindi lamang ito tungkol sa pagbabasa at pag-decode ng mga titik. Kailangan mong magkaroon ng kahulugan ng mga salita, mga parirala at higit sa lahat, maunawaan ang lahat ng impormasyong umiiral. Bilang karagdagan sa pag-unawa sa impormasyon, sa loob ng pag-unawa sa pagbabasa mayroon ding kritikal na pag-iisip ng bawat isa, malaman kung ang ipinakita na impormasyon ay may kaugnayan o totoo.

Ang mga guro sa Mataas na Paaralan ng Recodo na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay nagsagawa ng Pagbasa hinggil sa Philippine Informal Reading Intervention (Phil-IRI). Ang bawat klase sa asignaturang Filipino ay nagsagawa ng Group Screening Test na may 20 aytem. Matapos isagawa ang GST, ang sunod na isinagawa ay ang Panimulang Pagsusulit. Matapos matukoy ng guro kung sino sa mga mag-aaral ang nakakuha ng markang mababa sa 14 na iskor (0-7 na iskor ay bibigyan ng passage 4; 8-13 na iskor ay bibigyan ng passage 5), ang lahat ng mag-aaral ay isinailalim sa Indibidwal na panimulang pagsusulit o Pre-Test na kung saan ang ginamit na teksto ay naaayon sa kanilang nakuhang marka (0-7 na iskor ay bibigyan ng passage 4; 8-13 na iskor ay bibigyan ng passage 5). Matapos isinagawa ang Panimulang Pagsusulit ang sunod na isinagawa ay ang Panapos na Pagsusulit. Kalakip nito ang resulta ng Bahagdan o Porsiyento ng kahirapang sa Pagbasa matapos isinagawa ang Panimulang Pagsusulit at Panapos na Pagsusulit. Batay sa resulta, may mga mag-aaral sa Sekondarya mula baiting 7 hanggang 10 ay kulang sa komprehensiyon o pag-unawa sa binabasa.

## 4. Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa

Ang pag-unawa sa pagbasa ay ang kakayahang magproseso ng impormasyon na ating nabasa at maunawaan ang kahulugan nito. Ang mahuhusay na mambabasa ay may mahusay na mga kasanayan sa pagkilala ng salita at nagagawang tumpak at mabilis na makilala ang mga salita habang binabasa nila ito (Konza, 2011).

Ang mahinang pag-unawa sa pagbabasa ay may mahalagang epekto sa pag-unawa sa konteksto. Ito ay isa sa mga pinakakaraniwang problema sa mga mag-aaral at guro sa pangunahing edukasyon. Ang pagbabasa nang may pag-unawa ay naglalatag ng pundasyon para sa hinaharap na pag-aaral at pangamba sa lahat ng asignatura. Kung wala ang pundasyong ito, mahihirapan ang mga mag-aaral na magtagumpay sa akademya, partikular sa pagbabasa at pagsulat gayundin sa mga asignaturang tulad ng ingles, matematika, agham, at araling panlipunan (Manlapaz et al., 2022).

Nariyan ang mga kabataang nagkakaroon ng kahirapan sa larangan ng pagbasa sapagkat ang mga ito ay hindi gaanong nauunawaan ang kanilang binasa. Ayon sa pag-aaral ni Saavedra (2020) nagkakaroon ng negatibong pang-unawa ang mga mag-aaral marahil sa kakulangan ng mga kagamitang panturo at ang mga mag-aaral ay maaaring hindi sanay na magsanay ng wika at samakatuwid ay hindi nila nakukuha ang angkop na pagkakalantad o ibig sabihin ng wikang binasa.

Ang pag-unawa sa pagbasa ay isa sa mga kakayahan sa pagbasa na kailangang paunlarin ng bawat mag-aaral. Gayunpaman, mayroon pa ring mga mag-aaral na mas mababa sa antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa sa kabila ng mga tagubilin sa pagbasa at mga estratehiya na ibinigay ng mga guro para sa pagpapabuti ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, sa pag-aaral nina Bilbao et al (2016) lumabas na sa pangkalahatang pagunawa ng mga mag-aaral sa edukasyon ay may mataas na pag-unawa sa mga literal at interpretatibong pagbasa, ang antas ng taon ng mga mag-aaral ay may malaking pagkakaiba kapag pinagsama-sama ito. Gayunpaman kapag pinagsama-sama ayon sa kasarian, ang mga resulta ay nagpapakita ng walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Dagdag pa riyan, ayon kina Al-Rimawi et al (2022), ang mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas ng pag-unawa sa pagbasa, lumabas rin na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa kanilang kasarian ngunit, may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ang mag-aaral lalo na kung ang kanilang mga magulang ay nakapagtapos at may hawak ng bachelor's degree.

Bukod pa riyan nabanggit din ni Srisang at Everatt (2021) mahalagang maunawaan kung ano ang pinagbabatayan ng mga proseso ng pag-unawa para sa mga mag-aaral ng EFL (English as a Foreign Language). Dahil ang balarila ay gumaganap na isang mas makabuluhang papel para sa mababang bokabularyo ng mga mag-aaral, kaya't ang mga kasanayan ay dapat mas pagtuonan ng atensyon upang mas tumaas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

### 5. Salik na Nakaaapekto sa Pag-unawa sa Pagbasa

Ang pag-unawa sa pagbabasa ay isa sa pinakamasalimuot na pag-uugali kung saan nakikibahagi ang mga tao (Elleman & Oslund, 2004). Ito ay isang mahirap na gawain lalo na kung walang sapat na kaalaman sa nilalaman ng pagbabasa at ang proseso ng pagbasa mismo.

Ayon sa libro nina Stephens at Schaben (2002), ang pangunahing dahilan ng stress sa mga mag-aaral ay ang sobrang trabaho sa pag-aaral, presyur, mga isyu sa lipunan, at time management. Ang resulta ng stress ay hindi lamang sa akademiko ng isang mag-aaral kung hindi pati na rin sa kalusugan nila.

Nakasaad sa libro ni Jensen (2009), ang pamilya na nakararanas ng kahirapan sa buhay ay mayroong mas malaking tyansa na magkaroon ng tinedyer na ina, makaranas ng depression at hindi sapat na pangangailangan sa kalusugan. Lahat ng ito ay patungo sa mababang sensitibidad tungo sa bahagi ng nanay sa kanyang anak hanggang siya ay tumanda, hindi maayos na pag-uugali sa parte ng anak at mababang performans sa eskwelahan.

Sa pag-aaral ni Mustaq (2012), gumamit siya ng apat na teorya para malaman ang epekto ng independienteng salik sa dependienteng salik. Gamit ang tamang istatistikal na pamamaraan, maari ng malaman ang mga resulta. Ang lumabas na resulta ay ang komunikasyon, mga kagamitan sa pag-aaral, tamang patnubay, at istres sa pamilya ang mga salik na nakakaapekto sa performans ng mag-aaral.

Ayon naman sa pag-aaral ni Hunter (2020), ang sosyo-ekonomik at indibidwal na personalidad ang ilan lamang sa mga nakakaapekto sa akademik performans ng mga estudyante. Ang mga resulta sa pag-aaral na ito ay hindi maaaring pagasihan sa lahat ng paaralan ngunit maaring magamit ang nasagawang metodolohiya.

## IV.BATAYANG TEORETIKAL

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa teoryang Iskima. Ito ay may mahalagang tungkuling ginagampanan sa pagbasa ng dating kaalaman ng mambabasa. Ito ang batayang paniniwala ng teoryang iskima. Bawat bagong impormasyong nakukuha sa pagbabasa ay naidaragdag sa dati nang iskima. Ang teorya ng schema ay isang paliwanag kung paano ginagamit ng mga mambabasa ang dating kaalaman upang maunawaan at matuto mula sa teksto (Rumelhart, 1980). Ipinapalagay ng pangunahing prinsipyo ng teoryang iskema na ang nakasulat na teksto ay hindi nagdadala ng kahulugan nang mag-isa. Ayon sa teorya ng iskema, ang pag-unawa sa isang teksto ay isang interactive na proseso sa pagitan ng kaalaman sa background ng mambabasa at ng teksto. Ang mahusay na pag-unawa ay nangangailangan ng kakayahang maiugnay ang tekstwal na materyal sa sariling kaalaman. Ang teorya ng Iskema ay naayon sa pag-aaral na ito sapagkat pinapaliwanag ng teoryang ito na ang mga mambabasa ay umiintindi ng kanilang binabasa gamit ang kanilang kaalaman na may kaugnayan sa paksang binasa. Dahil dito, nagiging interaktibo ang pag-aaral ang pag-unawa ng mga mambabasa at ang binabasa. Naayon din ito dahil pinagbabatayan ng teorya na ito ang pagkaintindi ng mga mambabasa ukol sa kanilang binabasa at kung paano nila ito maiintindihan.

Pinagbatayan din ang teoryang kognitibo, ito ay isang diskarte sa sikolohiya na nagtatangkang ipaliwanag ang pag-uugali ng tao sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga na proseso ng pag-iisip. Ang palagay ng teorya ng nagbibigay-malay na ang mga saloobin ay ang pangunahing tumutukoy sa damdamin at pag-uugali. Ang pagpoproseso ng impormasyon ay isang pangkaraniwang paglalarawan ng prosesong ito sa kaisipan. Inihambing ni Hoover & Tunmer (2020), mula sa nagbibigay-malay na pananaw ng pag-aaral na basahin, ang pag-unawa sa pagbasa (o, simpleng, pagbabasa) ay ang kakayahang bumuo ng kahulugan ng linggwistiko mula sa mga nakasulat na representasyon ng wika. Ang kakayahang ito ay batay sa dalawang pantay na mahalagang kakayahan. Ang isa ay ang pag-unawa sa wika ang kakayahang makabuo ng kahulugan mula sa pasalitang representasyon ng wika, ang pangalawa ay ang pagde-decode ang kakayahang makilala ang mga nakasulat na representasyon ng mga salita.

## V.METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga pamamaraang o disenyong ginamit ng mga mananaliksik, paraan ng pagpili ng mga kalahok, instrumentong ginamit, pangangalap ng datos, at estadistikal na pamamaraang ginamit. Masusing pinili at sinuri ng mga mananaliksik ang mga ginamit na instrumento at pamamaraan upang maging mas kapaki-pakinabang ang pananaliksik na isinagawa.

### 1.1 Disenyo

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik. Ito ay ginamitan ng Descriptive Research Design na kung saan sinisikap nito na hanapin ang mga katotohanan ukol sa mga suliranin o isyung pinag-aaralan sa pamamagitan ng masusi at mabusising pangangalap ng datos. Ginamitan din ito ng Phenomenological Research Design upang mabigyan ng kasagutan ang pangalawang layunin ng pag-aaral na kung saan inilarawan ng mga kalahok ang kanilang karanasan. Ang mga mananaliksik ay naniniwalang mabisa ang disenyo na ginamit sapagkat ito ay angkop sa kanilang pag-aaral.

### 1.2 Sampling

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng Purposive Sampling Method bilang paraan ng pangangalap ng datos o impormasyon sapagkat ang mga kalahok sa pag-aaral ay pinili nang maayos na makatutulong sa pag-aaral na matugunan ang mga layunin nito. Ang mga kalahok ay kinabibilangan ng tatlumpu (30) sa kwantitatibo at lima (5) naman sa kwalitatibo upang maging kapani-paniwala ang resulta ng pag-aaral. Napili ng mga mananaliksik bilang kalahok ang mga guro sa wika sapagkat sila ang makapagbibigay ng wastong tugon para sa mga layunin ng pag-aaral.

### 1.3 Instrumentong ginamit

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng sumusunod na instrumento na makatutulong upang bigyang kasagutan ang mga suliranin na inilahad sa mga naunang bahagi ng pananaliksik.

Ang talatanungan na pangunahing instrumento sa pananaliksik ay ginawa sa pamamagitan ng sarbey. Ito ay isang talaan ng mga tanong na naglalayong kumuha ng partikular na impormasyon mula sa isang partikular na grupo ng mga tao.

Sa pamamagitan ng sarbey na ipinamahagi ay nakapaloob ang tseklist na hinalaw sa pag-aaral ni Manaois (2021) na Factors Affecting the Reading Comprehension and Performance of Grade VI Pupils upang mangalap ng datos at impormasyon ayon sa pansariling karanasan at ideya ng mga kalahok. Bilang karagdagan, ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan upang mangalap ng karagdagang datos para sa pangalawang layunin ng pag-aaral at ito ay sa paraang pakikipanayam.

Sa pagpapatibay ng instrumentong ginamit, minabuti ng mga mananaliksik na humingi ng tulong mula sa kanilang una at ikalawang guro sa pananaliksik upang maging malinaw, maayos, makatotohanan at matibay ang bawat detalyeng nilalaman ng talatanungan. Kaugnay rito, humingi rin ng tulong ang mga mananaliksik sa tatlong guro na nagpapakadalubhasa sa Filipino upang maging balido ang instrumentong ginamit sa pag-aaral.

### 1.4 Pangangalap ng mga datos

Ang mga mananaliksik ay nangalap ng datos mula sa iba't ibang paaralan sa lungsod ng Zamboanga. Ang pananaliksik na ito ay nagbigay ng etikal na konsiderasyon sa mga kalahok sapagkat lahat ng personal na impormasyon ng mga kalahok ay mananatiling kompidensyal at mananatili ito sa buong pag-aaral. Bukod pa rito ang mga mananaliksik ay naghanda ng consent form upang magsilbing pahintulot sa mga kalahok na ang kanilang mga sagot sa oras ng panayam ay itatala gamit ang voice recording sa cellphone pati na rin ang kanilang sagot sa sarbey ay kompidensyal, at ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo lamang.

### 1.5 Interpretasyon ng mga datos

Upang bigyang-kahulugan ang mga datos na nakalap mula sa talatanungan na pinasagutan sa mga kalahok ng pananaliksik gumamit ang mga mananaliksik ng isang kompyutasyong estadistika. Ang mga aytem sa talatanungan ay nakabatay sa General Weighted Mean kung saan ang 1.00-1.99 ay hindi salik, 2.00-2.99 ay hindi gaano, 3.00-3.99 ay nakaaapekto, at ang 4.00-4.99 ay lubhang nakaaapekto. Sa kabilang dako, ang mga mananaliksik din ay gumamit ng Thematic Analysis upang mabigyan-kahulugan ang mga datos na nakalap para sa kwalitatibong layunin.

## VI. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta sa bawat layunin sa isinagawang pag-aaral.

1. Ano-ano ang iba't ibang salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa?

**Talahanayan 1**
**Mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa ng mga Mambabasa**

| Mga Salik | Mean Response | Descriptor |
|---|---|---|
| 1. Mahina/limitado ang bokabularyo | 3.87 | Nakaaapekto |
| 2. Mahina sa balarila at baybay | 3.80 | Nakaaapekto |
| 3. Mababang antas ng pag-unawa | 3.87 | Nakaaapekto |
| 4. Ang babasahin ay naglalaman ng mga salitanga hindi pamilyar | 3.57 | Nakaaapekto |
| 5. Hindi pamilyar sa Wikang Filipino | 3.47 | Nakaaapekto |
| 6. Kaligirang Tahanan | 3.03 | Nakaaapekto |
| 7. Estilo ng Pagkatuto | 3.20 | Nakaaapekto |
| 8. Kakulangan ng mga paunang aklat na babasahin | 3.20 | Nakaaapekto |
| 9. Walang sapat na tiwala sa sarili | 3.13 | Nakaaapekto |
| 10. Kakulangan ng pagganyak | 3.07 | Nakaaapekto |
| 11. Kaligiran ng Pag-aaral | 3.20 | Nakaaapekto |

| | | |
|---|---|---|
| 12. Kakulangan ng Kamalayan sa mga Estratehiya at Kasanayan sa Pagbasa | 3.70 | Nakaaapekto |
| 13. Kakulangan ng pag-aaral | 3.93 | Nakaaapekto |
| 14. Kawalan ng gana | 3.30 | Nakaaapekto |
| 15. Problemang Pinansyal | 2.43 | ‘Di-gaano |
| 16. Kulang ang suporta ng magulang | 3.07 | Nakaaapekto |
| 17. Panggigipit ng mga Kasamahan | 2.43 | ‘Di-gaano |
| **OVERALL MEAN** | 3.31 | Nakaaapekto |

Mean Interpretation
1.00-1.99 – Hindi Salik 3.00-3.99 – Nakaaapekto
2.00-2.99 – Hindi gaano 4.00 – Lubhang Nakaaapekto

Ayon sa talahanayan bilang 1 na sinagutan ng mga guro sa wika, ang nakakuha ng pinakamataas na mean ay ang salik na Kakulangan ng pag-aaral na nasa 3.93. Ang nakakuha naman ng pinakamababang mean ay ang salik na Panggigipit ng mga Kasamahan at Problemang Pinansyal na nasa 2.43 lamang. Ang pangkalahatang mean response ng mga kalahok ay nasa 3.31 at ito ay nangangahulugang lahat ng mga salik na ibinigay ay nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School.

Ang isang karanasan sa pag-aaral sa pag-unawa sa pagbabasa nakakaapekto sa kakayahan ng mag-aaral na maunawaan ang kahulugan ng mga salita at sipi. Ang mga mag-aaral na may isyung ito ay maaari ring magpumiglas sa pangunahing mga kasanayan sa pagbasa tulad ng pag-decode ng mga salita, ngunit ang pag-unawa ay ang higit na kahinaan. Pinakamabigat na dahilan ng mababang reading comprehension ay ang mababang bokabularyo ng mag-aaral kung kaya’t may mga salita na hindi maunawaang lubusan ng mambabasa kung kaya’y makaaapekto rin ito sa pag-unawa sa buong tekstong binasa.

Pinakamababa sa 79 bansa ang nakuhang marka ng mga Pilipinong mag-aaral sa reading comprehension o pag-intindi sa binabasa base sa resulta ng isang assessment na isinagawa ng Organization for Economic Cooperation and Development (OECD). Nasa 600,000 mag-aaral na may edad 15 mula sa 79 na bansa ang sumailalim sa pagsusulit ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018, nakakuha ng 340 puntos ang mga mag-aaral mula sa Pilipinas.

Ayon naman kay Hart (2007), ang mga salik na nagbibigay-malay na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ay ang kanilang unang kaalaman, bokabularyo, katatasan, aktibong pagbasa, at kritikal na pag-iisip. Ipinaliwanag niya na sa pagsisikap na maunawaan ang isang teksto, umaasa ang mga mag-aaral sa kanilang unang kaalaman upang maiugnay ang alam na nila sa tekstong kanilang binabasa. Ang mga mag-aaral ay dapat na maunawaan ang isang pamilyar na salita at ang kaugnayan nito sa iba pang mga salita sa loob ng isang teksto, ang pag-master ng bokabularyo ay kinabibilangan ng pagkilala sa bahagi ng pananalita ng isang salita, kahulugan, kapaki-pakinabang na mga pahiwatig sa konteksto, at kung paano ito gumagana sa isang pangungusap at ang mga diskarte sa bokabularyo na iyon ay makatutulong na mapabuti ang pag-unawa. Habang nagiging matatas na mambabasa ang mga mag-aaral, mas mababawasan ang kanilang panahon sa paggugol ng panahon sa pagsisikap na unawain ang kahulugan ng mga salita at mas maraming oras na isasaalang-alang ang kabuoang kahulugan ng mga pangungusap upang ang mga matatas na mambabasa ay magkakaroon ng kakayahang ganap na tumugon sa isang teksto. Habang umuunlad ang mga mambabasa, masusubaybayan nila ang kanilang sariling pag-unawa sa pagbasa. Ang mga mag-aaral ay maaaring aktibong gumabay sa kanilang sariling pagbabasa sa pamamagitan ng pag-target sa mga problema sa pag-unawa habang nangyayari ang mga ito. Maaaring i-troubleshoot ng mga mag-aaral ang mga problema sa pag-unawa sa pamamagitan ng pag-alala sa kanilang nabasa, pagtatanong sa kanilang sarili o pagsusuri sa teksto. Ang mga mag-aaral ay maaaring aktibong tumugon sa isang teksto nang mas mahusay kapag nagtataglay sila ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip. Habang nagbabasa ang mga mag-aaral, matutukoy nila ang pangunahing ideya at mga sumusuportang detalye, ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at ang kabuoang istruktura ng teksto. Ang pagkakaroon ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip ay nakatutulong upang mapalalim ang pag-unawa ng isang mag-aaral sa teksto, na nagreresulta sa isang positibong karanasan.

Idinagdag din ni Suwanaroa (2021) na ang mga problema sa pagbabasa, saloobin ng mag-aaral, suporta ng pamilya at pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan ay ang mga salik din na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa. Ang linguistic at cognitive factors tulad ng language acquisition, reading skills, phonological awareness, morphological awareness, word knowledge at vocabulary ay ilan sa mga salik na negatibong nakaaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral (Tanczike, 2017). Idineklara ni Skinner (2002) na ang lahat ng mga wika ay dapat matutuhan ng bata maging ang sariling wika na nagtuturo na ang wika ay isang pag-uugali na nabuo sa pamamagitan ng nakakondisyon na tugon, kung kaya't maaari itong matutuhan.

Ang mga kasanayan sa pagbasa ay sinusuportahan ng kaalaman sa mga salita, kabilang ang ortograpiya, ponolohiya, morpolohiya at kahulugan kung saan ang pagkakakilanlan ng mga salita ay mahalaga sa pag-unawa sa mga pangungusap (Perfetti, 2002).

Pinag-aralan ni Cain at Oakhill (2011) ang isang phenomena na kilala bilang Matthew effect na naglalagay na ang isang agwat sa pagitan ng mahusay at mahirap na mambabasa ay maaaring tumaas sa paglipas ng panahon. Ito ay pinaniniwalaan na ang mga salik na umiiral bago ang isang mag-aaral ay pumasok sa paaralan ay nakaiimpluwensya sa paglaon ng kakayahan sa pagbabasa anuman ang kakayahan sa pag-iisip. Ang isang kadahilanan na maaaring humantong sa mga epekto ng Matthew ay kapag ang mga mag-aaral ay may mahinang mga kasanayan sa pag-decode, nahihirapan silang maunawaan kung ano ang kanilang nabasa, at isang natural na kahihinatnan ay ang mga mag-aaral ay maaaring maging masigasig na magbasa para sa kasiyahan. Katulad nito, ang mga mag-aaral na may mahusay na mga kasanayan sa pagbabasa ng salita, ngunit mahinang kakayahan sa pag-unawa, ay maaari ring umiwas sa pagbabasa. Ito, sa katunayan, ay nagdudulot ng paikot na epekto dahil, upang mapabuti ang pagbabasa, ang mga mag-aaral ay dapat magbasa.

2. Ano ang mga interbensyon na programa upang mapabuti ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa?

Batay sa mga nakalap na datos sa panayam, ilan sa mga suliranin ng mga guro sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa sa Junior High School ay ang kawalan ng gana o ang interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at ang kawalan nila ng kakayahang ilapat ang mga nakuhang kaisipan mula rito. Ayon sa isang guro na sumagot, ang mga nabanggit ay nakaaapekto sa kanilang pakikilahok sa loob ng silid-aralan na maaaring magdulot ng pagkawala ng kompiyansa sa sarili dahil hindi nauunawaan ng mga mag-aaral na mambabasa ang mga salita at pangungusap na nababasa, at maaari rin silang makakuha ng mababang marka sa asignatura. Upang matugunan ang mga suliranin na ito, ang mungkahi ng mga guro ay ipatupad ang Catch-Up Fridays ng Kagawaran ng Edukasyon at ang paglalapat ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo gaya na lamang ng paggamit ng mga teknolohiya at iba pang estratehiya sa pagtuturo nang sa gayon ay mapukaw ang mga interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

Kapag ang mga mag-aaral ay natututo mula sa interes, sila ay may posibilidad na maglaan ng higit na atensyon sa paksa kaysa sa kung sila ay natututo mula sa pagsisikap (Hidi at Renninger, 2006). Ang interes ay maaaring ituring bilang isang espesyal na uri ng intrinsic na pagganyak na nauugnay sa mga partikular na bagay, paksa, o aktibidad (Schiefele, 2009). Lumabas sa pag-aaral ni Torres (2019), ang mga salik na may kaugnayan sa mag-aaral tulad ng dating kaalaman, pag-unawa, at pagganyak o motibasyon kung mababa ay maaaring maging hadlang sa mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Inilunsad noong Enero 12, 2024, ang 'Catch-Up Fridays' ay isang mekanismo sa pag-aaral na nilalayon upang palakasin ang pundasyon, panlipunan, at iba pang nauugnay na mga kasanayang kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng kurikulum ng batayang edukasyon. Ang programa, ayon sa DepEd, ay naglalayong palakasin ang mga pangunahing prayoridad sa edukasyon na nakasaad sa MATATAG Agenda at pabilisin ang pagkamit ng mga target sa edukasyon ng National Learning Recovery Program (NLRP). Sa pamamagitan ng inisyatiba, inaasahan ng DepEd na mapahuhusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, kritikal na pag-iisip, pagsusuri, at pagsulat.

## VII. KONKLUSYON

Batay sa nakalap na resulta at datos, ang mga mananaliksik ay inilahad ang sumusunod na kongklusyon batay sa mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng Junior High School.

Ayon sa nalikom na datos, mula sa 30 na mga guro sa wika, natuklasan na mas nakararami ang bilang ng nagsasabing ang kakulangan sa pag-aaral ang nangungunang Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Junior High School. Nangangahulugan lamang ito na hindi gaanong sapat ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasa dahil hindi pinagtutuonan ng oras at panahon ng mga mag-aaral ang pagbabasa na may pang-unawa. Sinusundan ito ng salik na mahina/limitado ang bokabularyo at mababang antas ng pag-unawa na may parehong bilang. Mahina at walang kasanayan sa pagbasang may pag-unawa ang mga mag-aaral. Ibig sabihin lamang nito na kailangang bigyang pansin ng mga guro ang kakulangan sa bokabularyo at ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang salik na mahina sa balarila at baybay ay isa rin sa mga dahilan kung bakit mahina ang mag-aaral na makaunawa sa binabasa marahil ay nakaugalian na sa pagte-text ang mga mali-maling pagbaybay at balarila o jejemon basta't maiintindihan ng kausap ang ibig sabihin. At dahil sa ito ang nakaugalian, minsan ay hindi na alam kung ano ang tamang pagbaybay ng salita at tamang pagbabalarila sa klase. Nangangahulugang ito ang kasanayan na pinakakailangang pagtuonan ng pansin ng mga mag-aaral. Ito ay hindi naaayon sa teoryang Iskema sapagkat hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral upang maunawaan ang anumang teksto na kanilang binabasa at dahil dito walang nagaganap na interaktibong proseso sa pagitan ng mambabasa at ng tekstong binabasa.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga reading programs gaya ng Catch-Up Fridays ay nakatutulong upang mas matuto ang mga mag-aaral ng mga panibagong kasanayan na makatutulong sa kanila na mas maging mahusay na mambabasa. Ito rin ay nakatutulong upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika at kritikal na pag-iisip na kung saan ang mga mag-aaral ay nahihikayat na magbasa ng iba't ibang akda o teskto na magpalawak sa kanilang bokabularyo at paggamit ng wika, at mas natututo silang sumuri at magbigay ng kanilang sariling opinyon batay sa mga kaisipang kanilang natutuhan. At ang paglalapat ng iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ay

maaaring magpabuti sa interes at motibasyon ng mga mag-aaral na kung saan ito ay makatutulong upang mas ganahan silang lumahok sa iba't ibang gawain sa loob at labas ng paaralan. Bilang karagdagan, ito rin ay maaaring maging daan upang umunlad ang kanilang pananaw at karanasan at ito ay maaaring sa pamamagitan ng paghahatid ng mga teksto na naglalaman ng iba't ibang kultura, karanasan at iba pa at nang sa gayon ay maunawaan at mapahalagan nila ito. Ito ay sinasang-ayunan ng teoryang Kognitibo na kung saaan sa pamamagitan ng mga interbensyon na ito ay makatutulong upang magbigay malay sa mga mag-aaral sa pagpoproseso sa mga impormasyong kanilang nakuha mula sa pagbabasa.

Sa pangkalahatan, ipinapakita lamang mula sa resulta ng ginawang pananaliksik tungkol sa mga salik na nakaaapekto sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa junior high school ay karamihan sa kanila ay kulang sa pag-unawa, kulang sa pag-aaral, bokabularyo, balarila, at mga estratehiya sa pagbasa. At bilang guro, kinakailangang mayroong gawin upang mapabuti ang kanilang kaalaman sa nabanggit na kasanayan nang sa gayon ay tumaas ang kalidad ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa gaya na lamang ng mga reading programs.

## VIII. REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito ang mga salik na nakaaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay kakulangan ng pag-aaral, mababang antas ng pag-unawa, mahina/limitado ang bokabularyo, mahina sa balarila at baybay at kakulangan ng kamalayan sa mga estratehiya at kasanayan sa pagbasa. Sa pag-aaral na ito, iminumungkahi ng mga mananaliksik na (a) bigyang pansin ng mga guro ang mga mag-aaral na may mahinang pag-unawa sa pagbasa, bigyan ng sapat na atensyon, pangangailangan at angkop na aktibidad at estratehiya upang mahasa ang kanilang kaalaman sa pagbasa, (b) dapat mas pukawin ng mga magulang ang interes ng mga bata o mag-aaral upang mas mahasa ang kanilang kaalaaman at para hindi ito limitado, (c) ang pagpapatupad ng isang makabuluhang programa para sa pagtaguyod ng mga kakulangan sa pangangailangan ng mga mag-aaral tulad ng materyales sa pagbabasa at gamitang panturo, at (d) para sa susunod na mananaliksik palawigin pa ang pagtuklas sa mga interbensyon o epektibong estratehiya upang matugunan ang mga salik na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbasa.

## SANGGUNIAN


[1] H. Akyol, Türkçe öğretim yöntemleri [Turkish teaching methods], *Pegem Academy*, 2013.

[2] F. Gunes, Türkçe öğretimi [Turkish teaching], *Pegem Academy*, 2013.

[3] C. Wallace, *Reading* (Oxford: Oxford University Press, 1996).

[4] F. Grellet, *Developing Reading Skills* (Cambridge: Cambridge University Press, 1998).

[5] A. Işık, Reading environment and fluent reading skills, *Pedagogical Research, 8(1)*, 2023, em0148. https://doi.org/10.29333/pr/12723

[6] E. Mulatu, T. Regassa, Teaching reading skills in EFL classes: Practice and procedures teachers use to help learners with low reading skills, *Cogent Education, 9(1).* 2022, https://doi.org/10.1080/2331186x.2022.2093493

[7] A. Saavedra, Chavacano as a medium of instruction: Its implications for the reading levels of English in elementary school pupils, *Social Science Research Network*, 2020, https://doi.org/10.2139/ssrn.3620807

[8] J. Natividad, *Perception of Implementors in K to 12 Curriculum*, 2014, Unpublished Thesis

[9] M. Adler, C. Van Doren, How to read a book, 1940, http://evergladeshs.org/ourpages/auto/2015/5/28/58122395/Adler%20Mortimer%20-%20How%20To%20Read%20A%20Book.pdf

[10] D. Norton, The Effective Teaching Reading and Study Skills, London Boston Co, 1980.

[11] R. Anderson, Becoming a Nation of Readers: The report of the Commission on Reading, 1985, http://files.eric.ed.gov/fulltext/ED253865.pdf

[12] R. Anderson, P. Pearson, A schema-theoretic view of basic processes in reading comprehension, In Cambridge University Press eBooks (pp. 37–55), 1988. https://doi.org/10.1017/cbo9781139524513.007

[13] P. Pearson, R. Spiro, Toward a theory of reading comprehension instruction, *Topics in Language Disorders, 1(1)*, 1980, 71–88. https://doi.org/10.1097/00011363-198012000-00008

[14] K. Goodman, Analysis of oral reading miscues: Applied Psycholinguistics, *Reading Research Quarterly, 5(1)*, 1969, 9. https://doi.org/10.2307/747158

[15] T.C. Barrett, What is Reading? Some current concepts, In H.M. Robinson (Ed.) *Innovation and change in reading instruction: The sixteenth handbook of the National Society for the Study of Education*, [Chicago: The University of Chicago Press, 1968].

[16] N. Smith, The many faces of reading comprehension. The Reading Teacher, 1969, http://files.eric.ed.gov/fulltext/ED034657.pdf

[17] P. Pearson, D. Johnson, Teaching reading comprehension, *English Journal, 68(3)*, 1979, 88. https://doi.org/10.2307/814947

[18] D. Konza, Research into Practice: Understanding the Reading Process, 2011, http://www.evokelearning.ca/wp-content/uploads/SA-DECS-Phon-Awareness-doc.pdf

[19] R. Manlapaz et al., "Contextualized Based-Learning Materials: An Evaluation to Enhance the Reading Comprehension of the Grade 7 Students during the COVID-19 Pandemic.", *Psych Educ*, 6: 1269-1276, Document ID: PEMJ423, doi: 10.5281/zenodo.7444558, ISSN 2822-4353, 2022.\

[20] M. Bilbao, C. Donguilla, M. Vasay, Level of Reading Comprehension of the Education Students, *International Journal of Liberal Arts, Education, Social Sciences and Philosophical Studies, 4, 342-353*, 2016.

[21] S. Al-Rimawi, A. Masri, The Level of Reading Comprehension Skills of Students with Learning Disabilities in Jordan. *Journal of Educational and Social Research, 12(1),* 2022, 234. https://doi.org/10.36941/jesr-2022-0019

[22] P. Srisang, J. Everatt, Lower and higher level comprehension skills of undergraduate EFL learners and their reading comprehension, *LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network, 14(1)*, 2021, 427–454.

[23] A. Elleman, E. Oslund, Reading Comprehension Research: Implications for Practice and Policy, *Policy Insights from the Behavioral and Brain Sciences, 6(1),* 2019, 3–11. https://doi.org/10.1177/2372732218816339

[24] L. Stephens, L. Schaben, The effect of interscholastic sports participation on academic achievement of middle level school students, *NASSP Bulletin, 86(630),* 2002, 34–41. https://doi.org/10.1177/019263650208663005

[25] E. Jensen, Teaching with Poverty in Mind: What Being Poor Does to Kids' Brains and What Schools Can Do About It, 2009, http://ci.nii.ac.jp/ncid/BB15645248

[26] I. Mushtaq, S. Khan, Factors Affecting Studentsa Academic Performance. *Global Journal of Management and Business Research, 12(9),* 2012, 17–22. Retrieved from https://journalofbusiness.org/index.php/GJMBR/article/view/100221

[27] R. Hunter, Book Review: The College Experience: 2000, A Focus for Psychiatric Research. *Canadian Psychiatric Association Journal, 8(4):272-272*, 1963.

[28] S. Rumelhart, The building blocks of cognition in the oretical issues in reading comprehension, Hillsdale: N, J.Erlbaum.33-58, 1980.

[29] W. Hoover, W. Tunmer, The Cognitive Foundations of Reading and Its Acquisition: A Framework with Applications Connecting Teaching and Learning, 2020, https://www.amazon.com/Cognitive-Foundations-Reading-Its-Acquisition/dp/3030441946

[30] D. Manaois, Factors Affecting the Reading Comprehension and Performance of Grade VI Pupils, 2020, https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2022/04/IJAMS-MARCH-159-171.pdf

[31] T. Hart, A study on impact of school environment on academic achievement among adolescents, *International Journal of Social Science Tommorow, 6 (2),* 2017, 7-9.

[32] S. Suwanaroa, Factors and Problems Affecting Reading Comprehension of Undergraduate Students, *International Journal of Linguistics, Literature and Translation, vol. 4, no. 12*, 2021, pp. 15-29, doi:10.32996/ijllt.2021.4.12.3.

[33] P. Tanczkie, *Practical English language teaching* (New York: McGraw-Hill, 2017).

[34] E. Skinner, K. Edge, Self-determination, coping, and development, In E. L. Deci & R. M. Ryan (Eds.), *Handbook of self-determination research*, (University of Rochester Press, 2002), 297–337.

[35] C. Perfetti, L Hart, The lexical quality hypothesis. In Studies in written language and literacy, 2002, (pp. 189–213). https://doi.org/10.1075/swll.11.14per

[36] K. Cain, J. Oakhill, Matthew effects in young readers, *Journal of Learning Disabilities, 44(5),* 2011, 431–443. https://doi.org/10.1177/0022219411410042

[37] S. Hidi, A. Renninger. A four-phase model of interest development, *Educational Psychology, 41,* 2006, 111–127.

[38] U. Schiefele, Situational and individual interest, In K. R. Wenzel & A. Wigfield (Eds.), *Handbook of motivation at school*, (Routledge/Taylor & Francis Group, 2009), 197–222.
[39] R. Torres, Factors affecting the reading comprehension of intermediate level learners: Basis for an intervention program, 10.13140/RG.2.2.25114.77766, 2019.
[40] M. Hernando-Malipot, "What is 'Catch-Up Fridays'?, *Manila Bulletin*, 2024. Retrieved from https://mb.com.ph/2024/1/13/what-is-catch-up-fridays